8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Harold M. Bumanglag

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION / IKAAPAT NA KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagiging bukas-palad sa kapuwa bilang salamin ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagiging bukas-palad sa kapuwa bilang salamin ng pananampalataya upang malinang ang pagiging mapagbigay. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br><br>Nakapagsasanay sa pagiging mapagbigay sa pamamagitan ng kusang-loob na pagtulong sa kapuwa gamit ang sariling oras, talento, o resorses.<br><br>a. Natutukoy ang mga paraan ng pagiging bukas-palad sa kapuwa bilang salamin ng pananampalataya.<br>b. Naipaliliwanag na ang pagiging bukas-palad sa kapuwa bilang salamin ng pananampalataya ay pagtugon sa tungkuling ibahagi ang mga kaloob ng Diyos nang may pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng kapuwa.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pagiging bukas-palad sa kapuwa bilang salamin ng pananampalataya. |
| **C. Lilinanging Pagpapahalaga (*Values to be developed*)** | **Mapagbigay *(Generosity)*** |
| **D. Nilalaman** | Pagiging Bukas-palad sa Kapuwa Bilang Salamin ng Pananampalataya |
| **E. Integrasyon** | *3 Ts (Time, Talent, Treasure)* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Center for Community Health and Development. (n.d.). Chapter 28. Spirituality and Community Building | Section 3. Being Charitable Towards Others. In *Cultural Competence and Spirituality in Community Building*. The University of Kansas. https://ctb.ku.edu/en/table-of-contents/spirituality-and-community-building/being-charitable-towards-others/main

LaMeaux, C. E. (2017). *5 qualities of generous people*. Gaiam. https://www.gaiam.com/blogs/discover/5-qualities-of-generous-people

Science of Generosity. (2014). *What is Generosity?* University of Notre Dame . Retrieved May 3, 2024, from https://characterlibraries.com/elementary-curriculum/generosity

Smith, J. A. (2011, December 12). *Seven tips for fostering generosity*. Greater Good. https://greatergood.berkeley.edu/article/item/seven_tips_for_fostering_generosity

**Mga larawan**

*Donation Drive 2022 - Typhoon Odette* [Photopgraph]. (2022). https://dumaguete.com/wp-content/uploads/2022/01/Donation-Drive-2022-Typhoon-Odette-6.jpg



*Donating your old clothes and books is much better for the environment than tossing them in the bin* [Photograph]. (2023). https://cdn.i-scmp.com/sites/default/files/d8/images/canvas/2023/01/19/f0bcf4b2-2fbe-4483-81c6-6769453ee393_31a43c42.jpg

Lindio, G. (2018). *Women take part in the distribution of food* [Photograph]. https://miro.medium.com/v2/resize:fit:1400/1*sH7vT1YhRBTo2Jzf9a_NLw.jpeg

Pantonial, A. (2008). *ika-13 ng Disyembre 2008 sa White Cross Orphanage San Juan Metro Manila* [Photograph]. https://seekersportal.files.wordpress.com/2010/11/paskongmgabata.jpg

PNP Good Deeds. (2021). *A police officer assisting people with visual disability cross the streets* [Photograph]. https://agamang.igorotage.com/media/normal/2021-05-03/20210503_1620041462.webp

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral** | Hugutin ng guro ang mahalagang konsepto at linilinang na pagpapahalaga mula nakalipas na aralin. |


| | | |
|---|---|---|
| | Magbigay ng mga naidudulot ng pagtupad sa gampanin sa kinabibilangang relihiyon o paniniwala. Ilagay ito sa ibaba ng nakapaskil na *label* kung ito ay sa sarili o sa kapuwa.<br><br><br>**Tanong**<br>Ano ang kahalagahan ng pagganap sa iyong tungkulin ayon sa mga turo o aral mula sa iyong relihiyon o paniniwala? | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**ANG AKING BUKAS NA PALAD**<br>Suriin ang iyong sarili. Alin ang mga bagay na mayroon ka na handa kang ibahagi sa iyong kapuwa? Isulat ito sa bawat daliri na makikita sa pigurang kamay. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br> | Maaaring magbigay ang guro ng limang minuto para sa gawain na ito. |


**Mga Tanong:**

1. Alin sa iyong mga isinulat ang naranasan mo nang ibahagi sa iba? Ano ang kinalabasan nito?
2. Paano mo ibinabahagi sa iba ang mga ito?
3. Sa iyong palagay, bakit tinawag na bukas-palad ang pamamahagi sa iba?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Pag-aralan nang mabuti ang *anagram*. Ayusin ang mga letra upang makuha ang salita at buoin ang pangungusap.




Mga salita:

1. Bukas-Palad

2. Pagbibigayan

3. Boluntaryo

4. Talento

5. Birtud

**Paghawan ng Bokabolaryo**

Maaaring gamitin ang *link* na ito para sa gawain:

https://wordwall.net/resource/72716687

Kung wala namang gadyet at *internet connection*, maaaring isulat sa Manila paper ang mga tekstong kailangan para sa gawaing ito.

**Mga salita at kahulugan**

1. Bukas-Palad – ito ay ang pagbibigay at pagbabahagi ng tulong sa mga taong nangangilangan.

2. Pagbibigayan – ito ay ang pagbabahagi ng bawat tao sa isa't isa ng bukal sa loob.

3. Boluntaryo – ito ay ang paglalaan ng oras upang makilahaok sa mga gawain na may mabuting naidudulot sa komunidad at kapuwa.


4. Talento – ito ay ang mga bagay na kayang gawin ng isang tao na natatangi sa iba nf nagpapakita ng kanyang interes at husay.

5. Birtud – ito ay ang mga katangian at pagpapahalaga na

| | | |
|---|---|---|
| | | isinasabuhay na nakikta sa salita, kilos, at uri ng pamumuhay. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Paraan ng Pagiging Bukas-palad sa Kapuwa Bilang Salamin ng Pananampalataya**<br>Mahalagang malinaw sa atin ang pagsasabuhay ng ating pananampalataya at paghahayag nito. Isa mga mahahalagang turo sa pananampalataya ay ang mahalin ang kapuwa at magbigay ng tulong na naaayon sa kakayahan. Sa ganitong paraan, napagtitibay natin ang ugnayan sa kanila. Paano mo ipinapakita ang iyong pananampalataya sa iyong kapuwa? Ano ang mga ginagawa mo upang iparamdam ang pagmamahal at pagbibigay tulong sa kanila?<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Ang Pagiging Bukas-Palad**<br><br>Marami sa tao na ang ideya ng pagiging bukas-palad ay pagtulong sa pamamagitan ng pagbibigay sa kapuwa. Ngunit ito ay hindi lamang limitado sa mga naibibigay.<br><br>Isa sa mga mabuting paraan ng pagpapahayag ng pananampalataya ay ang pagiging bukas-palad sa kapuwa. Ang pagbabahagi batay sa pangangailangan ng kapuwa at ating kakayahan ay isang paraan nang pagbabalik ng mga biyayang natatanggap mula sa Diyos at ang pagmamahal niya sa atin.<br><br>Ang isang taong bukas-palad ay may paggalang sa ibang tao, may malinis at mabuting intensyon sa pagbibigay, at walang hinihintay na kapalit. Ito ay isang birtud na kung saan ang isang tao ay walang pinipili sa mga pinagbibigyan ng tulong at walang inaasahang kapalit. Sa ideya ni Sto. Tomas de Aquino, ang pagiging bukas-palad ay hindi nakabatay sa ating kalayaang magbigay o tumulong, kundi ito ay nakabatay sa ating pakikipagkawanggawa at pagbibigay ng limos sa mga nangangailangan. Ito rin ay isang mahalagang indikasyon ng pagkamaka-Diyos na gumawa at magpahayag nang mabuti. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Katangian ng Isang Bukas-Palad**<br><br>May iba't ibang uri ng taong mapagbigay sa mundo na may iba't ibang layunin din. Ayon kay Emmanuel Levina (LaMeaux, 2017) ang pagiging bukas-palad ay may mga katangian na patuloy nilang isinasabuhay kahit hindi nila ito matanggap mula sa iba.<br><br>1. Altruismo *(Altruism)* - ito ay ang pagtulong at pagbibigay sa mga nangangailangan na walang inaasahang kapalit.<br><br>2. Pagiging Positibo *(Optimism)* - ito ay ang pagkakaroon ng mabuting layunin para sa mundo na kahit hindi ito perpekto ay naniniwala sila na may kabutihan dito.<br><br>3. Tiwala *(Trust)* - ito ay ang pagtitiwala na ang kanilang pagbibigay ay may mabuting patutunguhan.<br><br>4. Kalakasan *(Energy)* - ito ay ang pagkakaroon ng lakas at panata sa kanilang ginagawa. Sila rin ay ganado sa tuwing sila ay nagbibigay at tumutulong sa iba.<br><br>5. Pamumuno *(Leadership)* - ito ay ang kakayahan nila na mamuno at manindigan para sa kanilang ginagawang pagbibigay-tulong.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**Mga Paraan upang Mapaunlad ang Pagiging Bukas-Palad**<br><br>1. Ibahagi sa iba ang kahalagahan ng pagbibigay. Mahalaga na kahit sa loob ng tahanan ay pinag-uusapan ang kahalagahan ng pagbibigay at pagbabahagi sa kapuwa. Ito ay maaaring gawin sa mga pagkakataon na magkakasama ang pamilya o 'di kaya'y sanayin ang mga miyembro ng pamilya sa ganitong gawi.<br><br>2. Maging modelo ng pagiging bukas-palad. Marami sa atin ang natututo sa pagmamasid sa gawain ng ating kapuwa. Ito ay maaaring gawin sa patuloy na pagpapakita ng mga gawain ng pagbibigay sa kapuwa nang may pagkukusa.<br><br>3. Magboluntaryo sa mga gawain sa komunidad. Makilahok sa mga gawain ng inyong komunidad, ng samahan, o kinabibilangang pananampalataya. Sa ganitong | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
paraan ay nadadagdagan ang tulong na maibabahagi sa inyong komunidad at kapuwa.<br><br>
4. <u>Ugaliin ang magpasalamat.</u> Isa sa mahalagang pagpapakita ng pagtanggap at pagpapahalaga sa bigay at tulong ng iba ay sa pagpapasalamat. Magpasalamat sa mga biyayang tinatanggap at gawin ito sa pagbabahagi ng mga ito sa kapuwa.<br><br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Panooring mabuti ang maikling bidyo. Tukuyin ang kilos na makikita rito at isulat sa isang papel. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.<br><br>
<br>
https://www.passiton.com/inspirational-stories-tv-spots/92-generosity<br><br>
Mga Tanong:<br>
1. Ano ang iyong nasaksihan mula sa pinanood?<br>
2. Paano ipinakita sa bidyo ang pagiging bukas-palad?<br>
3. Kung ikaw ay kasama nila, ano ang iyong ibibigay? At bakit?<br>
4. Paano mo maipapakita ang iyong pananampalataya sa pagbibigay ng mayroon ka?<br><br>
3. Paglalapat at Pag-uugnay<br>
AKING KARANASAN… AKING IBABAHAGI<br><br>
Balikan ang isang karanasan kung saan ikaw ay nagpamalas ng pagiging bukas-palad. Ibahagi ito at ibigay ang kahingian sa mga kahon. Gawin ito sa sagutang papel.
</td>
<td>
Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Maaaring magbigay ang guro ng limang minuto para sa gawain na ito.<br><br>
AKING KARANASAN… AKING IBABAHAGI<br>
Maaring magbigay ang guro ng lima hanggang sampung minuto para sa gawain na ito.
</td>
</tr>
</table>




**Mga Tanong:**
1. Ano ang iyong napagtanto sa iyong sarili sa gawaing ito?
2. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang magbigay sa iba? Bakit?
3. Ano ang naging epekto ng iyong ginawa?
4. Paano mo mahihikayat ang iyong mga kaibigan na ugaliin ang pagbibigay?

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasabuhay ng Pagiging Bukas-palad na may Pagsasaalang-alang sa Pangangailangan ng Kapuwa**

Ang pagiging bukas-palad bilang isang birtud ay higit na maipapamalas kung ito ay isinasabuhay sa salita at gawa. Nagbibigay ito ng pagkakataon na mapaunlad

| | | |
|---|---|---|
| | ang makataong ugnayan sa kapuwa sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.<br><br>Mayroon tayong tinatawag na *3Ts o Time, Talent, at Treasure*. Ang pagiging bukas-palad ay tungkol din sa paglalaan ng oras sa iba *(time)*, pagbabahagi ng talento *(talent)*, at pagbabahagi ng mga *resources (treasure)* upang makatulong.<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Ang 3Ts sa Pagiging Bukas-Palad**<br><br>1. Paglalaan ng Oras *(Time).* Ang pagbibigay ng oras ay hindi lamang tumutukoy sa haba o tagal, ito ay tungkol sa presensya at lakas at kakayahang magbigay. Ito ay magagawa sa pagbo-boluntaryong tumulong sa paghahanda ng *relief goods* sa mga nasalanta, pamamahagi ng pagkain sa mga *feeding programs*, pamimigay ng pagkain sa kapitbahay, at iba pa.<br><br>2. Pagpapakita ng Talento *(Talent).* Ang iyong mga kaalaman at kasanayan ay mga talentong taglay na magagamit upang mapaunlad ang pagkabukas-palad. Ito ay magagamit sa pagluluto, pananahi, pagtuturo, pagtatanim, pagkukumpuni, at iba pang mga gawain na magbibigay kasiyahan sa kapuwa.<br><br>3. Pagmamahagi ng *Resources* o Gamit *(Treasure).* Ito ay tumutukoy sa mga bagay tulad ng salapi, pagkain, damit, inumin, at ilang makakatulong na kagamitan. Ito ay magagawa sa pamamahagi batay sa iyong kakayahang magbigay nito. Hindi batayan ang dami at halaga ng naibibigay, bagkus ang katapatan at bukal sa kalooban na pagbibigay.<br><br>Panoorin ang maikling bidyo na ito na nagpapakita ng naidudulot ng pagsasaalang-alang sa kailangan ng kapuwa bilang pagsasabuhay ng pagiging bukas palad. | |




https://www.youtube.com/watch?v=v2yqYPawHF4

**Mga Tanong**
1. Ano ang suliranin na napansin sa pinanood?
2. Ano ang ginawa ng mga tauhan sa bidyo? Paano naipakita nila ang pagiging bukas-palad?
3. Sa iyong palagay, paano nila mapapanatili at mapabubuti pa ang kanilang ginawa?

Sa pagiging bukas-palad tayo ay nagbibigay batay sa pangangailangan ng ating kapuwa. Upang ito ay maisabuhay, inuugali ang pagbibigay at pagpapasamalat sa mga bagay na mayroon at tinatanggap. Sa ganitong paraan, ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa sarili at sa kapuwa.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**ATING TUKUYIN AT PAG-ARALAN**

Tingnan nang mabuti ang mga larawan. Ibigay ang mga kahingian sa bawat kolum. Gawin ito sa sagutang papel.

| | **Ano ang ginagawa?** | **Paano naipapakita ang pagsasabuhay ng pagiging bukas-palad sa mga larawang ito?** | **Ano ang iyong maitutulong o maibabahagi rito?** |
|---|---|---|---|

**ATING TUKUYIN AT PAG-ARALAN**
Maaaring magbigay ang guro ng lima hanggang sampung minuto para sa gawain na ito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| <br>https://www.freemalaysiatoday.com/privacy-policy/ | | | |
| <br>https://www.flickr.com/photos/asiandevelopmentbank/49776392597 | | | |
| <br>https://www.freemalaysiatoday.com/privacy-policy/ | | | |
| <br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:CAMALIGAN_COMMUNITY_PANTRY_01.jpg | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| <br>https://www.pexels.com/photo/policeman-helping-elderly-man-walking-through-street-19356057/ | | | |

**Mga Tanong:**

1. Ano ang ipinahihiwatig ng mga gawain sa pagiging bukas-palad?
2. Ano ang iyong naging batayan sa iyong naging tugon sa ikaapat na kolum?
3. Paano mo higit na maisasakatuparan ang iyong mga naging tugon?

**IKAAPAT ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**ANG AKING 3Ts**

Ipagpalagay natin na ikaw ay inimbitahan na lumahok sa gaganaping programa ng inyong komunidad para sa mga kabataang umalis sa kanilang lugar at nakaligtas sa nangyayaring kaguluhan at karahasan doon. Bilang isang kabataan din, ano ang iyong ibabahagi sa kanila? Gawin ito sa sagutang papel.

| Oras | Talento | Mga kagamitan |
|---|---|---|
| | | |

**ANG AKING 3Ts**

Maaring magbigay ang guro ng lima hanggang pitong minuto para sa gawain na ito.

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>1. Ano ang iyong natutuhan mula sa iyong kakayahang isaalang-alang ang pangangailangan ng iyong kapuwa?<br>2. Sa iyong palagay, masasabi mo ba na ikaw ay bukas-palad? Bakit?<br>3. Paano mo gagamitin ang iyong pananampalataya upang maging bukas-palad? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Tingnan at basahing mabuti ang *quote*. Sa iyong pagkakaunawa, ano ang nais nitong ipahayag tungkol sa pagkabukas-palad?<br><br>**"That's what I consider true generosity: You give your all, and yet you always feel as if it costs you nothing."**<br>**---Simone de Beauvoir**<br><br>Kinuhas ang sipi mula sa:<br>https://assets.passiton.com/quotes/quote_artwork/7156/medium/simone.jpg<br><br>**Mga Tanong:**<br>1.Paano ipinapakita ang pananampalataya ng isang tao sa pagiging bukas-palad?<br>2. Bakit mahalaga ang maging bukas-palad?<br>3. Paano mo mapapaunlad ang iyong kakayahan na maging bukas-palad?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Ipagpalagay na ikaw ay nakaharap sa isang salamin. Sagutin ang tanong na, "Paano mo nakikita ang iyong sarili bilang isang bukas-palad ayon sa iyong pananampalataya?". Isulat ito sa isang papel. | Palabasin ng guro ang kahalagahan ng linilinang na pagpapahalaga sa gawaing ito. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahin mabuti ang tanong sa bawat aytem. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ito sa patlang bago ang numero.<br>_____1. Alin sa mga sumusunod ang totoo tungkol sa pagiging bukas-palad?<br>a. Ito ay tungkol lang sa mga maaaring ibigay sa ibang tao.<br>b. Ito ay pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng kapuwa.<br>c. Ito ay pagbabahagi ng biyaya sa mga kakilala mula sa Maykapal.<br>d. Lahat ng nabanggit.<br>_____2. Masayang ibinabahagi ni Mel ang kaniyang sobrang pagkain sa kaklase na walang baon. Alin ang katangian ng isang bukas-palad ang kaniyang ipinapamalas?<br>a. Tiwala<br>b. Altruismo<br>c. Kalakasan<br>d. Pagiging Positibo<br>_____3. Sino sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng gawain upang mapaunlad ang pagiging bukas-palad?<br>a. Si Sara ay humihingi ng limos upang siya ay makabili ng mga bagay na kailangan ng kaniyang mga kapatid.<br>b. Tuwing Linggo ay nakikibahagi si Benji sa pagluluto ng pagkain para sa mga bata sa kanilang lugar.<br>b. Sinisigurado ng mga magulang ni Rina na silang magkakapatid ay nagbibigayan ng mga bagay na gusto at kailangan nila.<br>c. Ginagamit ni Gian ang kaniyang kasikatan sa pag-awit sa *online live* upang kumalap ng donasyon para sa mga may malubhang karamdaman.<br>_____4. Ito ay tumutukoy sa pamamahagi ng isang tao ng bagay na mayroon siya nang walang pinipiling pagbibigyan at inaasahang kapalit. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy ng pahayag?<br>a. Altruismo<br>b. Pagbibigay<br>c. Pagkabukas-palad<br>d. Pagkakawanggawa<br>_____5. Ang mga sumusunod ay mga bagay na maaaring ibahagi ng isang indibidwal bilang pagtulong. Alin sa mga ito ang hindi kabilang sa 3Ts sa pagiging bukas-palad? | Maaaring bigyan ng guro ng limang minuto ang mga mag-aaral upang sumagot.<br>Mga susing kasagutan:<br>1. B<br>2. B<br>3. A<br>4. C<br>5. D |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">a. Paglalaan ng panahon upang tumulong sa gagawing *donation drive* sa paaralan.<br>b. Pagtuturo sa mga bata sa inyong lugar na magbasa at sumulat.<br>c. Pagpapatayo ng masisilungan sa pilahan ng masasakyan.<br>d. Pagbabahagi ng mga positibong mensahe sa *social media*.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Bumuo ng isang planong gawain na kung saan ikaw ay magsasagawa ng pamamahagi sa iyong kapuwa. Kompletuhin ang mga detalye ng magiging gawain. Maghanda para sa pagbabahagi sa klase.<br><br><table><tr><td>Pamagat ng gawain</td><td></td></tr><tr><td>Inaasahang komunidad</td><td></td></tr><tr><td>Petsa at oras ng gawain</td><td></td></tr><tr><td>Mga inaasahang gawain</td><td></td></tr><tr><td>Mga magiging bahagi ng gawain</td><td></td></tr><tr><td>Mga kagamitang kakailanganin</td><td></td></tr></table><br>Inihanda ni: ___________________________________</td>
<td>**Takdang-Aralin**<br>I-proseso ang gawain na ito sa susunod na pagkikita.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">**B. Pagbuo ng Anotasyon**</td>
<td>**Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.**</td>
<td>**Epektibong Pamamaraan**</td>
<td>**Problemang Naranasan at Iba pang Usapin**</td>
<td rowspan="3">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na</td>
</tr>
<tr>
<td>***Estratehiya***</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>***Kagamitan***</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td><td rowspan="2">template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td></td><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>